

Pangngalan: _____

Ms. Gem

Basahin at Unawain

Walis

Si Ana ay nagwawalis tuwing umaga. Ginagamit niya ang walis tambo ng kanyang nanay. Nililinis niya ang sala at kusina. Masaya siya kapag malinis ang bahay. Tinutulungan niya ang kanyang pamilya araw-araw.



Mga Tanong:

1. Sino ang nagwawalis?

2. Ano ang gamit ni Ana?

3. Aling bahagi ng bahay ang nililinis niya?

4. Kailan siya nagwawalis?

5. Bakit siya masaya?

Pangngalan: _____

Ms. Gem

Basahin at Unawain

Pinggan

Si Ben ay naghuhugas ng pinggan pagkatapos kumain. May sabon at tubig sa lababo. Maingat niyang nililinis ang bawat plato at baso. Pinapatuyo niya ang mga ito sa lalagyan. Natutuwa ang kanyang nanay sa kanya.



Mga Tanong:

1. Sino ang naghuhugas ng pinggan?

2. Ano ang ginagamit niya sa paghuhugas?

3. Ano-ano ang hinuhugasan niya?

4. Saan niya pinapatuyo ang pinggan?

5. Sino ang natutuwa sa kanya?

Pangngalan: _____

Ms. Gem

Basahin at Unawain

Damit

Si Carla ay tumutulong sa paglalaba ng damit. Pinipiga niya ang mga damit pagkatapos kuskusin. Isinasampay niya ang mga ito sa labas. Tinutulungan siya ng kanyang ate. Malinis at mabango ang mga damit nila.



Mga Tanong:

1. Sino ang tumutulong sa paglalaba?

2. Ano ang ginagawa niya sa mga damit?

3. Saan niya isinasampay ang mga ito?

4. Sino ang tumutulong sa kanya?

5. Ano ang amoy ng mga damit?

Pangngalan: _____

Ms. Gem

Basahin at Unawain

Silid

Si Dan ay naglilinis ng kanyang silid. Inaayos niya ang kanyang higaaan at mga laruan. Inilalagay niya sa tamang lugar ang kanyang gamit. Pinupunasan niya ang mesa at bintana. Mas komportable siyang matulog sa malinis na silid.



Mga Tanong:

1. Sino ang naglilinis ng silid?

2. Ano ang inaayos niya?

3. Saan niya inilalagay ang kanyang gamit?

4. Ano ang pinupunasan niya?

5. Bakit siya komportable matulog?
